



LUNGSOD NG OCEANSIDE

KAGAWARAN NG SERBISYONG PINANSYAL

POLISIYA SA PAGTITIGIL NG HINDI-PAGBABAYAD

Mabisa Pebrero 1, 2020

INTRODUKSYON

Pinaunlad ng Lungsod ng Oceanside (ang lungsod) ang polisiyang ito para tulungan ang mga mamimili ng residensyal na serbisyo sa tubig na mapigilan ang pagpatay ng serbisyo sa tubig para sa hindi-pagbabayad ng singil dahil sa kahirapan. Ang polisiyang ito ay matatagpuan ng publiko sa website ng lungsod. Anumang katanungan tungkol sa polisiyang ito ay maaaring idirekta sa (760) 435-3900.

MGA NOTIPIKASYON

Anumang account na mananatiling hindi bayad sa pagsasara ng negosyo 25 araw matapos ang petsa ng bayarin ay kikilalaning delingkwente. Sisingilin ang mga delingkwenteng account ng kabayaran para sa pagkahuli na 10% ng halagang dapat bayaran sa singil sa tubig at wastewater. Hindi ititigil ng lungsod ang serbisyo sa tubig para sa hindi-pagbabayad hanggang sa maging delingkwente ang mamimili sa pagbabayad matapos ang 60 araw. Mga 15 araw bago isara ang residensyal na serbisyo sa tubig ng mamimili, kokontakin ng lungsod ang mamimili sa pamamagitan ng telepono o liham.

Kapag kinontak ng lungsod ang mamimili sa pamamagitan ng telepono, aalukin ng lungsod na bigyan ang mamimili ng polisiyang ito. Iaalok din ng lungsod na talakayin ang pagpipilian ng mamimili para sa pag-iwas na matigil ang serbisyo dahil sa hindi-pagbabayad, kabilang na ang mga alternatibong iskediyul sa pagbabayad at para sa pagkuha ng pagrepaso at pag-apila ng bayarin.

Kapag kinontak ng lungsod ang mamimili sa pamamagitan ng liham, padadalhan ng lungsod ang mamimili ng nakasulat na abiso ng pagtitigil ng serbisyo sa adres na nakalagay sa pagsingil na nakatalaga sa account ng mamimili. Kung magkaiba ang adres ng pagsingil at serbisyo, isang pangalawang abiso ang ipadadala sa adres ng serbisyo na nakapangalan sa "Nakatira". Kabilang ng nakasulat na abiso ang pangalan at tirahan ng mamimili, halaga ng mga delingkwenteng bayarin, at ang petsa kung kailan kailangang magawa ang pagbabayad o ang pag-aayos ng pagbabayad upang maiwasan ang pagtitigil. Maglalaman din ang abiso ng paglalarawan ng proseso para mag-apply ng palugit sa oras para mabayaran ang mga delingkwenteng bayarin, paglalarawan ng pamamaraan sa pagpepetisyon para sa pagrepaso at apila ng bayarin, at paglalarawan ng pamamaraan na kung saan ang mamimili ay maaaring humiling ng amortisasyon sa mga delingkwenteng bayarin.

Kung ang nakasulat na abiso ay ibinalik bilang hindi natanggap, magsasagawa ng kagandahang-loob na pagbisita ang lungsod sa adres ng serbisyo at mag-iiwan, kaninomang nakatatandang nakatira sa tirahan o sa isang hayag na lugar, ng isang nakasulat na abiso hinggil sa nalalapit na pagtitigil at isang kopya ng polisiyang ito.

Abiso sa mga Nangungupahan/Nakatira sa isang Isa-isang Naka-metrong Tirahan: Kung ang kasero ng tirahan na may isa-isang naka-metrong serbisyo ay ang mamimiling may delingkwenteng account, ang lungsod ay magsasagawa ng kagandahang-loob na pagsisikap na magpadala ng isang nakasulat na abiso sa mga nangungupahan/nakatira sa tirahan ng kahit 10 araw bago itigil ang serbisyo sa tubig. Ang nakasulat na abisong ito ay paaalalahanan ang mga nangungupahan/nakatira na mayroon silang



LUNGSOD NG OCEANSIDE

KAGAWARAN NG SERBISYONG PINANSYAL

karapatang maging mamimili ng lungsod nang hindi kinakailangang magbayad ng halagang dapat bayaran sa delingkwenteng account, hangga't pumapayag at may kakayanan silang akuin ang pinansyal na responsibilidad para sa mga kasunod na singil para sa serbsiyo sa tubig sa tirahan. Kailangang magbigay ng mga nangungupahan/nakatira ng pagpapatunay ng pag-upa sa porma ng kasunduan sa pagpapaupa o pagrenta, mga resibo sa renta, isang dokumento ng gobyerno na nagpapahiwatig na ang nangungupahan ay umuupa sa ari-arian, o iba pang katanggap-tanggap na pruweba.

Abiso sa mga Nangungupahan/Nakatira sa isang Multi-Unit na Complex na Sineserbisyuhan ng isang Master Meter: Kung ang kasero ng multi-unit na complex na sineserbisyuhan ng isang master meter ay ang mamimiling may delingkwenteng account, ang lungsod ay magsasagawa ng kagandahang-loob na pagsisikap na magpadala ng isang nakasulat na abiso sa mga nangungupahan/nakatira sa tirahan ng kahit 10 araw bago itigil ang serbisyo sa tubig. Ang nakasulat na abisong ito ay paaalalahanan ang mga nangungupahan/nakatira na mayroon silang karapatang maging mamimili ng lungsod nang hindi kinakailangang magbayad ng halagang dapat bayaran sa delingkwenteng account, hangga't pumapayag at may kakayanan silang akuin ang pinansyal na responsibilidad para sa mga kasunod na singil para sa serbsiyo sa tubig sa tirahan. Kung isa o higit pa sa mga nangungupahan sa adres na sineserbisyuhan ng master meter ay pumapayag at may kakayanang saluhin ang responsibilidad para sa mga kasunod na singil para sa serbisyo sa tubig sa kaluguran ng lungsod, o kung mayroong pisikal na paraang legal na magagamit ng lungsod para piling wakasan ang serbisyo sa mga nangungupahan/nakatira na hindi nakakatugon sa mga kinakailangan ng lungsod, gagawin ng lungsod na magagamit ang serbisyo ng mga nangungupahang nakakatugon sa mga kinakailangan.

MGA PAGPIPIANG MAYROON ANG MAMIMILI

Pagrepaso at Apila sa Bayarin: Maaaring tunggaliin ng mamimili ang kanilang bayarin sa tubig sa pamamagitan ng pagpapasa ng isang nakasulat na hiling para repasuhin ang kanilang bayarin sa loob ng 10 araw ng petsa ng singil. Bagamat ang higit pang imbestigasyon ay maaaring kailanganin, dapat pa ring matugunan ang nakatakdang petsa ng pagbabayad. Kung ang tinunggaling mga bayarin ay matutukoy na mali sa huli, isang naaangkop na pagsasaayos ang gagawin.

Alternatibong Kaayusan Pagbabayad: Ang isang kwalipikadong mamimili na hindi kayang magbayad para sa residensyal na serbisyo sa tubig sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad ay maaaring humiling ng isang alternatibong kaayusan sa pagbabayad para maiwasan ang mga singil sa pagkahuli at pagtitigil ng serbisyo.

Upang maging kwalipikado para sa alternatibong kaayusan sa pagbabayad, kinakailangan ng mamimili na:

- Magpasa ng isang sertipikasyon ng tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga, gaya ng nilinaw sa seksyon ng Koda sa Kapakanan at mga Institusyon 14088(A)(1)(b), kung ang pagkakatigil ng serbisyo ay nagbabanta sa buhay ng, o nagbibigay ng malubhang banta sa kalusugan at kaligtasan ng, residente ng lugar kung saan ibinibigay ang serbisyo.
- Ipakita na siya ay walang pinansyal na kakayanan para bayaran ang serbisyo sa loob ng normal na siklo ng paniningil ng lungsod. Itinuturing ang isang mamimili na walang pinansyal na kakayanang magbayad kung:



LUNGSOD NG OCEANSIDE

KAGAWARAN NG SERBISYONG PINANSYAL

- Alinmang miyembro ng sambayahan ng mamimili ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKS, CalFresh, pangakalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program para sa mga Kababaihan, Sanggol at Bata; o
- Nagpapahayag ang mamimili na ang taunang kita ng kanilang sambahayan ay mas mababa kaysa sa 200 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan.
- Sumang-ayon na pumasok sa isang alternatibong iskedyul sa pagbabayad na iniaalok ng lungsod, na pinamamahalaan ng mga polisiyang inilarawan dito.

Upang maging kwalipikado para sa alternatibong kaayusan sa pagbabayad, kinakailangan ng mamimili na:

- Kailangang lumagda ng mamimili sa isang Kasunduan sa Alternatibong Kaayusan sa Pagbabayad kasama ang lungsod para amortisahan ang hindi pa nababayaran balanse sa loob ng napagkasunduang panahon, nang hindi lalampas sa 12 buwan mula sa orihinal na nakatakdang petsa sa bayarin.
- Ang napagkasunduang halaga (mga amortisadong pagbabayad) ay idadagdag sa regular na buwanang bayarin para mabayaran ang nakaraang hindi nabayaran balanse.
- Kailangang manatiling kasalukuyan ang account ng mamimili para sa lahat ng mga kasunod na panahon ng paniningil.
- Hindi na maaaring humiling ng higit pang amortisasyon ang mamimili para sa anumang kasunod na hindi nabayaran bayarin habang nagbabayad ng delingkwenteng bayarin mula sa nakaraang singil.

Kung ang mamimili ay hindi susunod sa alternatibong kaayusan sa pagbabayad o maging delingkwente sa pagbabayad ng kasalukuyang mga bayarin sa serbisyo sa tubig nang 60 araw o higit pa, papatayin ng lungsod ang serbisyo sa tubig ng mamimili. Mga 5 araw ng negosyo bago ito, magpapaskil ang lungsod ng pinal na abiso ng pagpapatigil sa isang prominente at hayag na lokasyon sa adres ng serbisyo. Kung papatayin ng lungsod ang isang residensyal na serbisyo sa tubig ng mamimili, magbibigay ang lungsod sa mamimili ng impormasyon kung papaano mapanunumbalik ang serbisyo.

PAGPAPANUMBALIK NG SERBISYO

Upang mapanumbalik o magpatuloy ang serbisyo na naputol dahil sa hindi-pagbabayad, kailangang magbayad ng mamimili ng isang bayad sa muling pagkakabit. Muling ikakabit ng lungsod ang serbisyo sa lalong madaling panahon ngunit, sa minimum, ipapanumbalik ang serbisyo bago matapos ang susunod na araw ng pagtatrabaho na kasunod ng pagbabayad ng anumang nakaraang halagang dapat bayaran, mga bayad sa pagkadelingkwente at muling pagkakabit, sa account na itinigil. Ang serbisyong ipanunumbalik pagkatapos ng 5:00 pm tuwing Lunes hanggang Huwebes at pagkatapos ng 4:00 pm tuwing Biyernes, o tuwing weekend o holiday ay sisingilan ng bayad sa muling pagkakabit sa pagkatapos-ng-oras-ng-trabaho.